# ang pilosopiya at ang edukasyon sa pagpapakatao

**Mark Joseph T. Calano**
Pamantasang Ateneo de Manila

## Abstrak

Nais ng papel na ito na intindihin ang kursong edukasyon sa pagpapakatao sa tradisyong Griyego at paguunawa ng pilosopiya bilang *paideia*. Bilang balangkás, ang papel na ito ay binubuo ng tatlong bahagi. Ito ay nagsisimula sa pagtalakay sa ugnayan ng pilosopiya at *paideia*. Ang ikalawang bahagi ay ang pagtalakay sa kursong edukasyon sa pagpapakatao ng Department of Education (DepEd). Ang ikatlo at huling bahagi ay tungkol sa ugnayan ng pilosopiya bilang *paideia* at ng kursong edukasyon sa pagpapakatao.

## Mga Susing Salita

Pilosopiya, *paideia*, edukasyon sa pagpapakatao, DepEd

*Suri* § Volume 4 No. 1 (2015): 29 – 38
Author's Correspondence to: mcalano@ateneo.edu
© Mark Joseph T. Calano
http://suri.pap73.org/issue4/Calano_SURI_2015.pdf
PRINT ISSN: 2244-386X

## Panimula

Hindi parating tinatanong kung ano ang pilosopiya. Mahirap ito bigyan ng kahulugan.[1] Ang mga mag-aaral ng pilosopiya ay kadalasang ipinapakilala sa mga pilosopiya. Kadalasang tinatalakay sina Platon, Aristoteles, Descartés, Hume, at Kant. Para sa kanilang mga pagsusulit, ang mga magaaral ay kadalasang pinapasulat ng sanaysáy upang ipakita ang kanilang kaalaman sa mga kaisipan ng iba't ibang pilosopo. Ibang sanaysáy naman ay para sa kakayahan ng mga mag-aaral na pagmunimunihan ang mga problema na tinatawag na pilosopikal. Wala namang problema sa pamamaraang ito. Nakakarating tayo sa isang idea ng pilosopiya sa pamamagitan ng pagaaral ng mga pilosopiya. Sa wika ni Aristoteles, kung nais natin intindihin ang mga bagay, kinakailangan na tignan natin ang kanilang pagtubo at huliin ang kanilang pagsilang.[2] Kung napaguusapan natin ang pilosopiya, ito ay sapagkat ang mga Griyego ang lumikhá ng salitang *philosophia*.

Nais ng papel na ito na intindihin ang kursong edukasyon sa pagpapakatao sa tradisyong Griyego at paguunawa ng pilosopiya bilang *paideia*. Bilang balangkás, ang papel na ito ay binubuo ng tatlong bahagi. Ito ay nagsisimula sa pagtalakay sa ugnayan ng pilosopiya at *paideia*. Ang ikalawang bahagi ay ang pagtalakay sa kursong edukasyon sa pagpapakatao ng Department of Education (DepEd). Ang ikatlo at huling bahagi ay tungkol sa ugnayan ng pilosopiya bilang *paideia* at ng kursong edukasyon sa pagpapakatao.

## *Paideia* at *Techne*

May dalawang dahilan kung bakit sisimulan ko sa mga kaisipan ng mga sinaunang Griyego ang pagtalakay sa papel na ito. Una, noong panahon ni Sokrates, ang pagpili sa pamamaraan ng pamumuhay ay hindi dulot o apendiks lamang ng prosesong pilosopikal. Ito ay nagmumula sa simula ng pamimilosopiya. Ito ang nagtatakda ng mga idea, pamumuhay, at paguunawa sa mundo. Ang mga diskursong pilosopikal ay mula sa pamumuhay na unang pinipili—hindi vice versa. Pangalawa, ang pamamaraan ng pamumuhay ay hindi nagagawa mag-isa. Ito ay laging pinipili sa konteksto at sa loob ng isang pamayanan. Ang pagpili na ito ay isang desisyon na nangangailangan ng pagbabago ng pamumuhay, ng pagkakaunawa sa mundo, at ng mga pamamaraan. Ang mga diskursong pilosopikal ay maaaring intindihin batay sa pamamaraang pamumuhay. Ang pamumuhay na ito ay siya ring pagpapahayag at sabay na kaparaanan. Sa

---

[1] Tignan ang unang bahagi ng Mark Joseph Calano, "Ang Pilosopiya at si Roque J. Ferriols, SJ," sa *Perspectives in the Arts and Humanities Asia* 5.1 (2015): 1-19 para sa isang pagsubok na hiwatigan ang pilosopiya bilang *thaumazein*, *aesthesis*, at *logos*.

[2] Aristotle, *Politics* I, 2, 1252a24.

paguunawa na ito, ang pilosopiya ay isang pamamaraang pamumuhay na kapanalig ng diskursong pilosopikal.

Ang *polis* ng mga sinaunang Griyego ay isang pamayanang nagtuturo; ito sa Griyego ay *paideia*. Ngunit ang *paideia* ay hindi lamang ukol sa pagtuturo. Malaki ang papel na ginagampanan ng pamayanan para sa kaganapan ng kanyang mga mámamayán. Ang kaganapan na ito ay higit sa edukasyon. Ang *paideia* ay tungkol sa isang paghubog at panghabang buhay na proseso ng paglikhá ng bawat mamamayan upang sila ay maging mahalaga sa kanilang kaibigan, kapamilya, at sa *polis*. Nagiging mahalaga ang mamayan sa isang polis kapag ito ay sumasakatawan na sa pinakamataas na batayang etikal ng pamayanan. Kaakibat ng konseptong *paideia* ang edukasyon sa sining, sa pilosopika, sa retorika, sa kasaysayan, sa siyensiya, at sa matematika; ganun sa laro at sa giyera; o sa pagtubò ng moral na kakayahan sa pamamagitan ng *arête*. Higit sa lahat, ang bawat mamamayan ay may responsibilidad sa *polis*. Ang lahat ng kakayahan ng bawat mamamayan ay para sa *polis*. Kaakibat ng *paideia* ang konsepto ng *arête* o kabutihan. Magkaakibat ang *paideia* at *arête* sa pagbuo ng sarili at pamayanan. Nagiging mabuti lamang ang isang tao sa loob ng kanyang pamayanan. Sa isang banda, ang mamamayan ay napapabuti lamang ang isang sarili sa loob ng *politeia*—sa pamamagitan ng pagtutulungan sa loob ng *polis*. Sa kabilang banda,sa kanilang paggawa ng mabuti, naaatim ng *polis* ang *arête*. Lahat ng mamamayan, guro man o abogado, ay may responsibilidad na bumuo ng isang mas responsableng pamayanan. Ang politika ay higit pa sa simpleng pagsasaayos ng mga pamayanan; ito ay paaralan din para sa pagsasayos ng buhay ng mga mamamayan.[3] Maaring mahiwatigan ang ugnayan ng *paideia* sa *techne* kay Sokrates at kay Aristoteles.

Sa *Apologia*, sinubukan ni Platon na buoin ang panayam ni Sokrates sa harap ng kanyang mga tagausig. Binanggit ni Platon kung papaano tinanong ni Chairepho ang tinig ng Diyos sa Delphi kung sino ang may runong (*sophos*) na higit pa kay Sokrates.[4] Ang tugon naman ni Pythia ay "walang lalong marunong". Sa kanyang pakikiusap sa mga naniniwala na mayroon silang alam, naunawaan niya na habang akala nila na may alam sila, ang totoo ay wala. Dito naunawaan ni Sokrates ang kahulugan ng pagiging marunong—ito ay ang makatotohanang pagtanggap ng kung ano ang talagang alam natin at sabay din ng hindi natin alam.[5] Ito ang naging mandato ni Sokrates (*eironeuomenos*), ang ipakita ang ating kawalang kaalaman. Tinatawag na ironya (*eironeia*) ang uri ng pagiisip na ito.[6] Binabago ng uri ng kaisipang ito an gating pagunawa sa kaalaman at sa karunongan. Gaya ng nasa *Symposion*, ang philosophos ay

[3] Plato, *Laws*, 641b7–10, and 643e4–6.
[4] Plato, *Apology*, 20-23.
[5] Ibid., 23b.
[6] Plato, *Republic* I, 337a. Aristotle, *Sophistical Refutations*, 183b8. Cicero, *Lucullus*, 5, 15.

alam na hindi nya alam; mulat siya sa kanyang kamangmanagan. Ito ang dahilan kung bakit hindi lamang kontento si Sokrates sa simpleng pagpapasa ng dunong, sa simpleng pagtugon sa mga tanong. Siya raw ay isang komadrona ng kaalaman; hindi siya nanganganak, siya ay nagpapa-anak.[7] Samakatuwid, wala siyang alam at wala din siyang itinuturo. Masaya na si Sokrates na nagtatanong at bumabagabag. Ang karunungan ay ipinapanganak sa loob ng tao; sa wika ni Platon, ito ay isang uri ng *anamnesis*. Malinaw kay Sokrates ang isang uri ng pagtatanong sa sarili na nagpapabatid ng karunongan.

Ayon kay Roque Ferriols, S.J., ang ironya daw ni Sokrates ay angkop sa tao.[8] Sapagkat kaakibat nito ang pagkamulat na ang aking kamangmangan ay isang "katinuhang bukal sa bawat tao."[9] Ang utos ng Diyos sa Delphoi ay isang utos sa pagpapakatao. Ito ay hindi upang gawin tayong mga Sokrates, kung hindi ay upang gamitin natin ang ating likas na karunongan at katinuhan upang tanggapin ang ating kamangmanagn. Sa ganitong kalagayan, makakarating tayo sa isang kakaunting "karunungan, mapakumbaba't palaging naghahanap pa, hindi nabubuo habang buhay; pero tunay at matibay na karunungan, karunungang maari at dapat ikabuhay."[10] Magandang pagtuonan ng pansin ang uri ng karunungan ito. Habang nakabatay ang karunongan sa kakayahan ng mga magaaral na ulitin ang sinabi ng guro, hindi ito ang karunongan para kay Sokrates. May kinalaman sa *techne* ang karunongan. "Ang *techne* ay karunungang gumagawa at paggawang marunong."[11] Ito ay isang uri ng karunongan na kaakibat ang paggawa. Samakatuwid, hindi maarin na puro gawa na lamang at hindi rin naman puwede na puro isip na lamang. Laging may tunggalian sa ugnayan ng isip at gawa. Sa larangang ito, hindi kailanman hihinto ang karunungan; ito ay patuloy na hinuhubog ng at humuhubog sa gumagawa.

Gaya ng nasabi na sa itaas, ang *paideia* ay hindi lamang tungol sa kaalaman; ito ay tungkol sa isang uri ng pamumuhay. At gaya ng hangarin ng *paideia* ang *arête*, mayroon din namang pinagsisikapang *techne* si Sokrates—ang gawain ng mabuting tao. Pinagsisikapan ni Sokrates na gawin ang ginagawa ng mabuting tao, ang mamuhay ayon sa katarungan. Dito lalong mauunawaan ang laro sa pagitan ng pag-unawa at paggawa. Sa pagunawa sa pinakamabuting dapat gawin, lalo niya itong nagagawa at sa paggawa niya ng pinakamabuti, nauunawaan niya ito.[12] Ayon kay Ferriols, "Iyan ang techne ng

[7] Plato, *Theaetetus*, 150d.

[8] Roque Ferriols, S.J., *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992), 102.

[9] Ibid., 104.

[10] Ibid.

[11] Ibid.

[12] Ibid., 105.

pagpapakatao."[13] At sapagkat ito ang *techne* ng bawat tao, hindi natin maaring hangaan lamang ang mga mabubuti at nagpapakabuting mga mamamayan. Ayon kay Ferriols:

> At sapagkat ang pagpapakatao ay gawain na tumatalab sa bawat nibel ng buhay, bawat araw, oras at sandali, ang pagmumulat sa sariling katangahan na katutubo dito, ay kailangan ding tumalab sa lahat ng nibel at lugar at panahon: mas malalim at mataas at malawak kaysa sa anomang ibang pagmumulat. Itong pagmumulat sa sarili't pangkalahatang katangahan ay possible lamang sa isang palaging umiiral na akto ng taos at mapakumbabang pag-aangkin.[14]

Ito ay mandato natin bilang tao—ang magpakatao. Kaakibat n gating pagpapakatao ang pamumuhay ayon at batay sa pinakamabuti. Habang walang iisang landas sa pagpapakatao, hindi naman nangangahulugan na hindi ito maaring mahiwatigan. Alam lamang natin na hindi ito otomatik at na walang patakaran para dito. Mahalaga lamang ang pagmumulat sa katangahan na nagdudulot ng pagtatanong at paghahanap sa isang katotohanan na maaring angkinin, makita, at maranasan. Sabi nga ni Ferriols, "ang ironya ni Sokrates ay abot tanaw ng *techne* ng pagpapakatao; at ang *techne* na ito ay isang dinamismo, isang walang sawang paglampas sa mga hangganan."[15]

Binibigyan ng pangalan ni Aristoteles ang *techne* ng pagpapakatao--etika. Habang ibang iba ang daigdig na kinikilusan ni Aristoteles, may makikita naman tayo na tila pagkakaisa kay Sokrates. Sapagkat ang pagpapakatao ay isang gawain, likas itong tumutungo sa *telos*—*eudaimonia*. Ang *eudaimonia*, na kadalasang iniintindi bilang katiwasayan o kaligayahan, ay kaakibat sa gawang kasarinlan—sa *techne*. At gaya ng nahiwatigan natin sa itaas, ang kagalingan sa paggawa ng *techne* ay tinatawag din na *arête*. May ugnayan ang *eudaimonia* at ang *arête* sapagkat "ang eudaimonia ay nakasalalay sa paggawa sa *arête* ng tao bilang tao."[16] At ang kanyang pagiging tao naman ay isang patuloy na pagunawa't pagsagawa ayon sa *logos*. Laging ginagawa, laging hinuhuli ng tao ang kanyang *arête*. Ito ay walang tigil na pinagsisikapan. Sabi nga ni Ferriols, "[a]ng kikilatis ay ang *aesthesis*: isang uring pagtanaw at pagdama. Hindi masusukat, kundi matatanaw lamang at madarama ang gitna, sapagkat ang mismong pagka-gitna ay walang pagmamalabis o pagkukulang, *dia to to meson einai pos akron*: sapagkat ang gitna ay isang uring sukdulan (Ethikon Nikomacheion, 1107a)."[17] Ibig sabihin, ang *arête* ay laging gumagalaw sa gitna (*mesotes*), sa

---

[13] Ibid.

[14] Ibid, 105-106.

[15] Ibid., 107.

[16] Ibid., 123.

[17] Ibid., 124.

> pagitan ng lubhang pagmamalabis at ng lubos na pagkukulang ngunit itong pagka gitna na ito'y hindi talaga masusukat kundi makikita't madarama. Sa isang banda ang gitna ay isang kaigtingan na umiiral dahil sa pagbabatakan ng humihigit at ng nagkukulang. Sa kabilang banda naman, ang gitna ay nakikita ng *aesthesis* na tumatanaw, ng *aesthesis* na kumikilatis sa gawain: wasto ba ang oras, lugar, dahilan, layon, taong nakasangkot?[18]

Malinaw na ang *paideia* ay patungkol sa *techne* at *arête* ng pagpapakatao. Ito ay isang proyekto na walang kaganapan. At sapagkat ito ang landas na tinahak ni Sokrates at ni Aristoteles sa kanilang pilosopiya, nagkakasaysay at konteksto ang ating paguunawa at pagtalakay sa kursong Edukasyon sa Pagpapakatao.

## Pilosopiya at Edukasyon sa Pagpapakatao

Habang totoo na ibang-iba ang konteksto ng *paideia* ng mga Griyego sa ating mga paaralan, hindi naman maipagkakaila na mayroon pa rin tayong maaring matutunan sa bawat isa. Mabilis ang pagbabago sa lipunan at sa kapaligiran ng ating mga magaaral. Nariyan ang karanasan ng globalisasyon, ng Internet, at ng mass media. Ang mga ito ay nagdudulot ng kakulangan ng kritikong pag-iisip at pagpasiya, pagmamahal sa sambayanan at pakikiisa sa_sangkatauhan at kalikasan. Upang tugunan ang mga kakulangang ito, minarapat ng Department of Education (DepED) na isa-sitema ang edukasyon sa pagpapakatao. "Layunin ng nasabing programa ang maitama ang pagpapahalaga ng mga Filipino tungo sa kabutihang panlahat (*common good*)."[19] Naniniwala na maaayos ito sa pamamagitan ng edukasyon; sa wikang Griyego, ito ay *paideia*. Habang ang sistema ng pagpapahalaga ay nagmumulat sa kung ano ang mahalaga, hindi ganito ang kilos ng pagpapakatao. Hindi sapat na ituro ang mabuti, dapat itong pukawin at hilain mula sa mabuting kasarinlan ng mamamayan. Ibig sabihin, sa puso ng mabuting pagpapahalaga (*techne* o *arête*) ay ang proyekto ng pagpakatao. Ngunit ano nga ba ang pagkakaintindi sa pagpakatao sa sistemang ito?

Ayon kay Manuel Dy, Jr., "[h]indi mahihiwalay ang pagpakatao sa kanyang mga ugnayan: ugnayan sa sarili, sa pamilya, sa kapwa, sa sambayanan at kapaligiran, at sa Diyos."[20] Mula sa panlipunang aspeto ang paguunawa na ito. Ang tao ay laging may ka-ugnay at ito ang binibigyang diin ng sistemang edukasyon sa pagpapakatao. Sapagkat kumikilos sa loob ng isang panlipunan na pananaw, maaring intindihin ang mga layunin

---

[18] Ibid., 128.

[19] Manuel Dy, Jr., "Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao," in *Kaisipan: Ang Opisyal na Dyornal ng Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya (ISIP)* Vol 1, No. 1 (May 2013): 19.

[20] Ibid.

at halaga batay dito. Mayroong pitong layunin na pilit at paulit-ulit na binibigyang diin ng mga kurso.: 1) Kalusugan at Pakikiisa sa kalikasan, 2) Katotohanan at Paggalang, 3) Pagmamahal at Kabutihan, 4) Ispiritwalidad, 5) Kapayapaan at Katarungan, 6) Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development), at 7) Pagkamaka-Filipino at Pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa. Sa pitong ito makikita ang diin, layunin at programa ng edukasyon sa pagpapakatao. Makikita ang ugnayan ng *paideia* at *techne* sa pamamaraan ng pagtuturo na dumadaan sa patuloy at pulit-ulit na proseso ng pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, pagpapasya at pagkilos. Ang mga nasabing proseso ay kilos din ng pilosopiya, ay gawin din ng *philosophos*. Habang mukhang walang pagkaugnay sa isa't isa ang mga paksa, hindi ito totoo sapagkat may pagkaangkop at pagkakaisa naman ang mga paksang ito. Ito ay hindi binagong edukasyon sa pagpapahalaga lamang; iba ang mga batayan ng kursong ito.

May dalawang batayan ang edukasyon sa pagpapakatao. Ang una ay tungkol sa pagbuo ng sarili. Sa unang elemento na ito makikita ang impluwensiya ng paguunawa sa tao nina Aristoteles, Santo Tomas de Aquino, Karl Marx, Max Scheler, at Teilhard de Chardin. Habang kitang kita ang impluwensiya mula sa mga Kanluranging palaisip, hindi naman ito mahalaga. Ang mahalaga ay may katotohanan itong sinasabi ukol sa tao at para sa tao. Sa pagbubuod ni Dy,

> Ang pagkatao ng tao ay ang pagiging sino ako, paglikha ng bukod-tanging sarili. Ang sarili ang persona na binubuo ng ibat-ibang kamalayan: kamalayang mag-isip, kamalayang damdamin, kamalayang kumilos, kamalayang magwika. Ang mga kamalayang ito ay intensiyonal: may tinutunguhang obheto. Samakatwid upang mabuo sila, kailangan may magbigkis sa kanila, may isang halaga silang tinutunguhan, upang mabuo ang sarili. Anong halaga ang maaring magbigkis sa kanila? Hindi ang suhetibong halaga tulad ng pera, kapangyarihan, karangalan. Ang obhetibong halaga lamang ang maaring makapagbigkis sa kanila: ang halaga ng tao. Obhetibong halaga ang tao dahil bukod-tangi siya. Dito nakabatay ang kanyang dignidad. Sa madaling salita, sa pagtataya lamang ng sarili sa kapwa-tao mabubuo ang sarili. Ang pag-alay ng sarili sa kapwa, ito ang pagmamahal. Kung kayat, ang pagmamahal ang makapagbuo ng sarili.
>
> Subalit, minimum na kailangan sa pagmamahal ay ang katarungan, ang pagbigay ng nararapat sa kapwa. At ang nararapat sa kapwa ay ang kanyang dignidad. Kaya, walang tunay na pagmamahal kung walang katarungan, at walang tunay na katarungan kung hindi ito simula ng pagmamahal o binigyan ng inspirasyon ng pagmamahal.[21]

[21] Ibid., 27.

Kung titignan ang pahayag na ito ni Dy, maiintindihan na ang pagpapakatao ay isang proseso na binubuo ng madami at magkakaiba na kamalayan na nakabatay sa dignidad ng tao at ng kanyang kapwa. Hindi ito konsepto, ito ay batayan lamang sa paggawa. Ibig sabihin, inilalatag lamang ni Dy ang isang uri ng paggawa—isang paguunawa ng pilosopiya bilang paggawa. Maari tayong makarating sa pagpapakatao sa pamamagitan ng ating kakayahang umunawa. Kasama ng paguunawa sa pagpapakatao ang lahat ng naisulat ng mga pilosopo ng nakaraang mga taon. Lahat, kasama ng kursong ito, ay bahagi ng ating pagsubok upang magpakatao. Pagmamahal ang fundasyon at dahilan ng lahat ng ito. Hindi instruksiyon sa pagpapakatao ang mga nabanggit ni Dy, ito ay isang pagbabahagi at pakikipagusap ng kanyang pagsusumikap sa pagpapakatao. Ito ay isa rin na pagiimbita at pakikipagtulungan sa proseso ng pagpapakatao. Samakatuwid, hindi mabubuo ang ating pagkatao ng mag-isa, kailangan natin ialay ang ating sarili sa halaga ng kapwa tao upang maging mahalaga an gating layunin at sa ganon maganap ang ating kabuuan.[22]

Ngunit hindi lamang nakabatay sa sarili at sa kapwa ang pagpapakatao para kay Dy. Sa ating pakikipagugnay sa ating kapwa tao, namumulat tayo sa isang realidad at posibilidad na mashigit pa sa atin. Ang ikalawang elemento ng pagpapakatao ay ang pakikipag-ugnay sa Banal. Ayon kay Dy,

> Bagamat pagmamahal ang makapagbuo ng sarili, hindi pa rin sapat ito na makapagbigay kaganapan ng tao sa kanyang pagkatao dahil sumasakasaysayan siya (lumilipas ang lahat) at mamamatay. At kaya, hindi maiwasan ng tao ang magtanong: may kahulugan ba ang lahat ng pagmamahalan sa gitna ng paglipas ng panahon at sa bingit ng kamatayan? May Diyos o Banal ba na makapagbigay ng kaganapan sa lahat ng kabutihan at pagmamahalan? Dito kailangan ng tao ang pananampalataya. Ang pananampalataya ay pagtataya sa isang Ganap na Ikaw. Pagtataya dahil hindi ko mapatunayan ang Kanyang pag-iiral ngunit tunay Siya para sa akin. Ang ugnayan ko sa Banal ay hindi isang pang ugnayan, dagdag sa iba kong ugnayan, kundi ang lahat ng ugnayan ko sa kanilang kabuuan. Sa pagtitiwala ko sa Kanya, umaasa ako sa Kanya alang-alang sa amin. Ang pag-asa ay isang paglalakbay, tulad ng pagdadalang-tao, na naniniwala na may maibubunga ang lahat ng pagmamahalan sa kasalukuyan sa takdang panahon.[23]

Para kay Dy, ang Banal ay hindi lamang may saysay para sa isang Katoliko na tulad niya. Bagkus, ito ay may mahalagang papel sa proseso ng pagpapakatao.

---

[22] Manuel Dy, Jr., "Ang Tao at ang Maykapal," sa *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, Patnugot ni Roque J. Ferriols, S.J. (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979), 184.

[23] Dy, "Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao," 27.

## Edukasyon sa Pagpapakatao at *Askesis*

Malinaw na pilosopiya ang batayan ng kursong Edukasyon sa Pagpapakatao. Pilosopiya din ang dahilan kung bakit maaaninag ang kaibhan ng kursong ito sa dating edukasyon sa pagpapahalaga. Paano binabago ng pilosopiya ang kursong ito? Habang ang pagtuturo ng pilosopiya sa mga sinaunang Griyego ay isang uri ng pamumuhay, ganun din naman ang iminumungkahi ng kursong edukasyon sa pagpapakatao—na proseso ang pagkakatao. Sa paguunawa na ito, makikita kung bakit habang may mga batayang konsepto at paksa ang kursong ito, hindi naman nito ipinapako ang pagpapakatao. Hindi nito isinasara ang pinto sa katotohanan ng pagpapakatao, bagkus binubuksan nito ang pakikipaglakbay at pakikiusap sa iba sa larangang ito. Masmalinaw ito maiintindihan kapag inintindi ang pilosopiya at edukasyon sa pagpapakatao bilang isang pagsasanay o, sa salitang Griyego, *askesis* sa pagpapakatao.

Bilang isang pagsasanay sa pagpapakatao, makikita kung bakit may paguulit o, sa Latin, *repetitio* ang mga paksa at tema. Habang tila mayroong paguulit lamang ng mga tema at paksa, hindi naman ito simpleng paguulit lamang. Sa paguunawa ng mga sinaunang Griyego, ang paguulit ay isang uri ng pagpapalalim. Sa patuloy na pagbibigay ng pagkakataon para sa mga magaaral na bigyan pansin ang mga tema at paksa sa kursong ito, namumulat sila sa isang uri ng paguunawa na may saysay at kahulugan para sa kanila. Ibig sabihin kahit na nagsisimula ang mga talakayan sa mga tekstong pilosopikal, hindi naman ito nananatili sa simpleng paguulit ng mga tekstong ito. Ito ay sapagkat mayroong pagaangkin na nangyayari sa patuloy na pagsasanay. At sa pangaangking ito, nakikibahagi ang bawat magaaral sa proseso ng pagbuo ng kani-kanilang kamalayan.

## References

Calano, Mark Joseph. "Ang Pilosopiya at si Roque J. Ferriols, SJ." *Perspectives in the Arts and Humanities* 5, no. 1 (2015): 1-19.

Jr., Manuel Dy. "Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao." *Kaisipan: Ang Opisyal na Dyornal ng Isabuhay, Saliksikin Ibigin and Pilosopiya (ISIP)* 1, no. 1 (May 2013).

Jr., Manuel Dy. "Ang Tao at ang Maykapal." In *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, edited by Roque J. Ferriols SJ. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979.

Roque Ferriols, SJ. *Mga Sinaunang Griyego*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992.